

“ Alam Mo ba kung ano ang mga karapatan mo? ”



MGA KARAPATAN NG MANGGAGAWA

- » Ikaw ay may **KARAPATANG MAKAAALAM** tungkol sa anumang mga panganib sa trabaho na maaari kang malantad.
- » Ikaw ay may **KARAPATANG LUMAHOK** sa proseso ng pagkilala at paglutas ng mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan.
- » Ikaw ay may **KARAPATANG TUMANGGI** na gawin ang trabaho na sa paniwala mo ay hindi ligtas.

ILIGAL PARA SA IYONG TAGAPAG-EMPLOYO NA PARUSAHAN o magbanta na parusahan ka para sa paggamit o pagtatanong tungkol sa mga karapatang ito.

ANO ANG KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA TRABAHO?

Ang **Batas ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety Act, OHSA)** ng Ontario ay nagbibigay ng mga karapatan sa mga manggagawa. Nagtatakda ito ng mga tungkulin para sa mga tagapag-employo, superbisor at manggagawa upang **MAGING MAS LIGTAS ANG MGA LUGAR NG TRABAHO**.

SINO ANG SAKOP NG OHSA?

HALOS LAHAT ng mga nagtatrabaho sa Ontario, may unyon man o wala, ay sakop ng OHSA.

MGA RESPONSIBILIDAD NG MGA MANGGAGAWA

Mayroon ka ring mga tungkulin upang tumulong sa pagpapanatili ng isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho. Kailangan mong:

- » **SUMUNOD SA BATAS** at sa mga patakaran at pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho.
- » **MAGSUOT AT GUMAMIT** ng mga kagamitang pang-proteksiyon na kinakailangan ng iyong tagapag-employo.
- » **MAGTRABAHO AT KUMILOS** sa paraan na hindi ka masasaktan o ang iba pa.
- » **I-ULAT** ang anumang mga panganib o pinsala sa iyong superbisor.



ANG KARAPATAN NA MAKAAALAM

May karapatan kang makatanggap ng **PAGSASANAY** upang:

- 01
- MAGAWA NANG LIGTAS ANG IYONG TRABAHO
- 02
- MALAMAN KUNG ANO ANG GAGAWIN SA KASO NG EMERHENSIYA O PAGKAPINSALA

Kasama ang OHSA, may mga regulasyon na kinakailangan sa iyong tagapag-employo upang matiyak na ikaw ay may sapat na pagsasanay at may kaalaman upang gawin ang iyong trabaho. Halimbawa:

- » Dapat tiyakin ng iyong tagapag-employo na makakatanggap ka ng pangunahing **PAGSASANAY SA KAMALAYAN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN**.
- » Kung nagtatrabaho ka kasama ang **MGA MAPANGANIB NA KEMIKAL** o iba pang mga mapanganib na sangkap, may karapatan kang sanayin sa kung paano gamitin at hawakan nang ligtas ang mga sangkap at malaman kung ano ang mga epekto sa kalusugan mula sa pagkakalantad sa mga ito.
- » Marami pang ibang mga panganib kung saan ikaw ay may **KARAPATAN NA MASANAY** kung ikaw ay malantad sa mga ito.



ALAM MO BA?

ANG **IKA-28 NG ABRIL** ay ang opisyal na **Pambansang Araw ng Pagluluksa** ng Canada para sa mga manggagawang namatay at napinsala sa trabaho. Inaalala ng mga unyon ng Canada mula pa noong 1984, ito ay opisyal na ipinroklama ng Pamahalaan ng Canada noong 1991, at mula noon ay kumalat na sa higit sa 100 mga bansa. Ang mga manggagawa, ang kanilang mga pamilya at ang kanilang mga unyon ay nagsasama sa **ika-28 ng Abril** upang maglagay ng mga bulaklak sa mga lokal na monumento na itinayo sa maraming mga komunidad sa buong Canada at sa buong mundo para sa mga namatay at napinsalang manggagawa.

PAGPAPABUTI NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA IYONG LUGAR NG TRABAHO

Alamin ang tungkol sa iyong JHSC o HSR. Makipag-usap sa kanila at sa iyong mga kapwa manggagawa tungkol sa mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan. Kung hindi tinutugunan ng iyong tagapag-employo ang mga alalahanin, maaari mong gamitin ang iyong karapatang tumanggi na magtrabaho kung sa tingin mo ay hindi ito ligtas. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Ministry of Labour sa **1-877-202-0008** o alamin ang higit pang impormasyon sa www.labour.gov.on.ca

PINAPARUSAHAN O TINATAKOT KA BA NG IYONG TAGAPAG-EMPLOYO?

Kung sa palagay mo ay kumikilos ang iyong tagapag-employo laban sa iyo dahil sa pagbubukas ng mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan o sa paggamit ng iyong mga karapatan sa kalusugan at kaligtasan, maaari kang makipag-ugnayan sa Ministry of Labour o sa iyong unyon, kung ikaw ay miyembro ng unyon.

Kung hindi ka bahagi ng isang unyon, maaari kang makakuha ng libreng tulong mula sa **OFFICE OF THE WORKER ADVISER (1-855-659-7744)** o sa **WORKERS' HEALTH AND SAFETY LEGAL CLINIC (1-877-832-6090)**. **HINDI KA NAG-IISA!**

ANG KARAPATAN NA TUMANGGI SA HINDI LIGTAS NA TRABAHO

Ikaw ay may karapatang tumanggi sa hindi ligtas na trabaho kung ikaw ay may **DAHILAN UPANG MANIWALA** na:

- » Ang trabaho na ginagawa mo o ang **KAGAMITAN O MAKINARYA** na ginagamit mo ay maaaring makasakit sa iyo o sa katrabaho mo o kung ang pisikal na kondisyon sa lugar ng trabaho ay mapanganib; o
- » Mayroon ka ring karapatan na tumanggi sa trabaho kung ikaw ay nasa panganib mula sa **KARAHASAN SA LUGAR NG TRABAHO**.



ANO ANG GAGAWIN KO KUNG AKO AY NASAKTAN SA TRABAHO?

Kung ikaw ay napinsala sa trabaho o nagkasakit dahil sa pagkakalantad sa mga nakalalason na kemikal, kailangan mong:

- » **MAGHANAP NG ATENSYONG MEDIKAL** (paunang lunas at/o pangangalaga sa kalusugan).
- » **SABIHIN SA IYONG TAGAPAG-EMPLOYO** sa lalong madaling panahon.

ANG KARAPATAN NA LUMAHOK

binibigyan ka ng karapatan ng **OHSA** na lumahok at makisali sa pagtulong na gawin at panatilihing ligtas at malusog ang iyong lugar ng trabaho. Batay sa bilang ng mga manggagawang nagtatrabaho, ang mga lugar ng trabaho ay kinakailangang magkaroon ng:

JHSC

JOINT HEALTH AND SAFETY COMMITTEE (PINAGSAMANG KOMITE SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN) kung saan ang kalahati ng komite ay binubuo ng mga manggagawa.

20+ NA MGA MANGGAGAWA

- » **MAGTANONG** kung hindi ka sigurado sa isang bagay.
- » Ang bawat manggagawa ay may karapatan at responsibilidad na **I-ULAT ANG ANUMANG PANGANIB** sa trabaho sa kanilang superbisor.
- » Maaari mong tulungan ang iyong HSR o manggagawang miyembro ng JHSC sa pamamagitan ng **PAGTUTURO** sa mga posibleng panganib sa iyong lugar ng trabaho.
- » Maaari kang **MAG-BOLUNTARYO** na maging isang HSR o manggagawang miyembro ng JHSC.

HSR

HEALTH AND SAFETY REPRESENTATIVE (KINATAWAN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN) na kailangan ai isa sa mga manggagawa.

6-19 NA MGA MANGGAGAWA

PAANO TUMANGGI SA HINDI LIGTAS NA TRABAHO

01

Sa pagtangg sa hindi ligtas na trabaho, kailangan mong **AGARANG IPAALAM SA IYONG TAGAPAG-EMPLOYO O SUPERBISOR**.

02

Ang iyong tagapag-employo ay **LIGAL NA KINAKAILANGANG MAG-IMBESTIGA** katuwang ang isang manggagawang miyembro ng JHSC o HSR.

03

Kailangan kang manatili sa isang **LIGTAS NA LUGAR, MALAPIT SA IYONG WORKSTATION**, hanggang sa makumpleto ang imbestigasyon.

04

Kung mayroon kang **MGA MAKATWIRANG DAHILAN** upang isipin na mapanganib pa rin ang iyong trabaho kasunod ng imbestigasyong ng tagapag-employo, kailangang magpatawag ang tagapag-employo ng isang **INSPEKTOR NG MINISTRY OF LABOUR** upang mag-imbestiga.

